



Opisyal na lathalain ng Agricultural Training Institute
Regional Training Center - CaLaBaRZon

S SKLAB

Ikaapat na Isyu || Hulyo - Disyembre 2018

“Huwag tayo magsawa mag-iinovate,
isipin natin kung ano yung
makakadagdag ng kita para ang
pagsasaka ay huwag nating katamaran.”

Ms. Melita D. Severa
Certified Learning Site Owner,
MS Severa Farm





Mensahe

Buong puso at galak po naming inilalahad ang ikaapat na isyu ng Siklab: ang opisyal na lathalain ng Agricultural Training Institute (ATI) CaLaBaRZon. Nakapaloob sa isyung ito ang mga katuparan at kaganapan sa loob at labas ng institusyon nitong nakaraang anim na buwan. Nakatala rin sa babasahing ito ang mga kwento at istorya ng mga huwarang magsasaka na magsisilbing inspirasyon sa mambabasa.

Nakapaloob din dito ang mga bago at napapanahong isyu sa agrikultura at pangisdaan. Nawa'y mamulat at mabuksan ang isip ng bawat isa sa kahalagahan at potensyal ng agrikultura.

Hindi bibitiw ang institusyon sa pagpapaabot ng programa at serbisyo. Tayo ay patuloy na magkapit-bisig at magkaisa para sa ikabubuti ng ating mga magsasaka at mangingisda. Harapin natin ang bawat taon ng may pag-asa at pagmamahal.

Marites Piamonte - Cosico
Center Director

Mga Nilalaman

- 2** Mensahe
- 2** Patnugutan
- 3** ISO, pinagtibay ang mga hakbangin ng ATI CaLaBaRZon tungo sa de-kalibreng serbisyo
- 3** KKK: Kabalikatan sa Kahandaan sa Klima
- 4** Tagumpay sa Kalabaw
- 6** Pagproseso ng sariwang ani, iwas pagkabulok na, dagdag kita pa: Isang kuwento ng tagumpay ni Tita Melith
- 8** Quezon Coconut Research Center, sinimulan na
- 8** Pagsusukat ng palay sakahan gamit ang GPS, isinagawa
- 9** Unang regional climate change conference sa agrikultura at pangisdaan, isinagawa
- 9** Mga bagong pasilidad ng ATI IV-A, pinasinayaan
- 10** 24 na AEWs at mga Lider na Magsasaka, nagsipagtapos sa Season-Long Training of Trainers on Integrated Crop Management for Corn
- 11** Mag-aaral mula sa Southern Luzon State University, kampeon bilang ikatlong kabataang 'Organic Agriculture'

Patnugutan

Tagapayo:
Marites P. Cosico
Mariel Celeste C. Dayanghirang

Punong Patnugot:
Rolando V. Maningas, PhD
Mariel Celeste C. Dayanghirang

Tagapamahaling Patnugot:
Jamila Monette B. Balmeo

Mga Manunulat:
Rolando V. Maningas, PhD
Maridelle G. Jaurigue
Janine L. Cailo
Jamila Monette B. Balmeo
Hans Christopher C. Flores
Hannah Phoebe Romero
Izy S. San Jose

Disenyo/Layout:
Jamila Monette B. Balmeo



This publication is a semestral summary of news and updates in the Agricultural and Fishery Extension published by the Agricultural Training Institute - CaLaBaRZon, an attached agency of the Department of Agriculture

Write to us in this email: atirc4a@gmail.com for comments, feedback and suggestions

Follow us!

www.ati.da.gov.ph/atirc4a

046-419-0210

ATICalabarzon

@aticalabarzon



ISO, pinagtibay ang mga hakbangin ng ATI CALABARZON tungo sa de-kalibreng serbisyo

Maridelle G. Jaurigue



Pinatunayan ng matagumpay na pagsuong ng Agricultural Training Institute (ATI) CALABARZON sa International Organization for Standardization (ISO) 9001:2015 third-party audit na patuloy ang pagbibigay nito ng episyente, akma at mabilis na serbisyo ukol sa agrikultura at pangisdaan.

Ang ISO 9001 ay ang pinaka-popular na panukat o standard ng Quality Management Systems (QMS) o kasangkapan sa pagpapatunay ng maayos na pagtugon sa pangangailangan ng mga kliyente at iba pang

pinagsisilbihan ng isang organisasyon.

Ilan sa mga pinagtuunan ng pansin sa naturang ISO audit ay ang proseso ng pagbibigay ng pagsasanay at gawaing-pang-extension ng Center, pag-sertipika ng Learning Sites at Extension Service Providers, mga dokumento patungkol sa mga aktibidad, proseso at gampanin ng empleyado sa bawat seksyon, at patuloy na pagpapaunlad ng pasilidad at serbisyo ng ATI CALABARZON.

Naging masusi at komprehensibo ang pagsusuri nina Auditor Adorable Aguila, (Lead Auditor), at Katrina Joy Bicomong mula sa TUV SUD. Samantala, nagsilbing gabay naman sa buong proseso ang ISO team mula sa ATI Central Office na sina Ms. Marlene Pintac at ISO Focal Person, Ms. Athena Baguisi.

Ang (ISO) 9001:2015 third-party audit ay naganap noong ika-11 ng Disyembre taong kasalukuyan sa tanggapan ng ATI CALABARZON sa siyudad ng Trece Martires.

KKK: Kabalik at sa Kahandaan sa Klima

Hans Christopher C. Flores

Hindi maitatago ang kagalakan at pananabik ng 30 magsasakang benipisyaryo ng programang Pamayanang Laging Handa (Climate Resilient Agriculture) ng ATI-IVA ng sinimulang ipamahagi ang mga biik, pakain para sa 15 benipisyaryo ng sustenableng pag-aalaga ng baboy, ice chest, solar power lamp, at iba pang mga gamit ukol sa pangangisda na ipinamahagi para sa mga 9 mangingisdang benipisyaryo. Nakatanggap din ang 6 benipisyaryo ng Integrated Diversified Farming Systems ng mga iba't-ibang binhi ng gulay, seedlings ng prutas, native na manok at mga gamit pangsakahan.

Kamakailan lang inilunsad ng ATI-IVA noong ika - 24 ng Agosto 2018 at ng mga kabalik nito kabilang ang Kagawaran ng Agrikultura, Tanggapan ng Probinsyal na Agrikultur ng Batangas, Batangas State University at lokal na pamahalaan ng Calatagan. Ang Programang Pamayanang Laging Handa ay naglalayon na mapataas ang kamalayan at pamamaraan ng magsasaka upang maparami at mapaunlad ang kanilang mga pananim , at pag-aalaga ng mga hayop sa kabila ng nabago-bagong klima. Bahagi din ng programa ang magbigay ng mga alternatibong pagkukunan ng pangkabuhayan.



Tagumpay sa Kalabaw

Dr. Rolando V. Maningas at Hans Christopher C. Flores



"Ang kabiguan ay isa sa mga hakbang upang magtagumpay,"

ito ang mga katagang tinuran ni G. Danilo Noceto, isang magsasaka mula sa bayan ng Magdalena, Laguna. Mas kilala sa kanilang lugar bilang si "Konsi" sa kadahilanang nagsilbi sya ng mahigit 9 na taon bilang konsehal ng barangay. Galing sa isang ordinaryong pamilya kasama ang kanyang asawa at tatlong anak, binuo niya ang kanyang pangarap. Sambit niya, "kapag maraming pagsubok siyang nakakaharap, mas lalo niyang pinag-bubutihan ang pag-aalaga ng kanyang mga kalabaw."

Ang hamon na pagsisimula

Nagsimula si Konsi bilang nagmimina ng buhangin sa ilog, mula sa isang pribadong kumpanya ng gilingan ng bato. Ang taunang sahod niya sa pagmimina ay umaabot lamang ng P73, 000 na di nagiging sapat para sa gastusin ng pamilya. Nang iniwan niya ang mga gawaing ito, nagsimula siyang magtanim ng mga gulay at iba pang high value crops sa kanilang 1.5 ektaryang lupain. Kasabay nito, nagsimula rin siyang dumalo sa mga pagsasanay na isinagawa ng ATI IV-A ukol sa pagsasaka sa larangan ng organikong pamamaraan ng pagtatanim ng gulay at halamang-ugat.

Paggagatas ng Kalabaw

Sa taong 2004 ay nakatanggap si Konsi ng isang native na kalabaw na mula sa programa ng kanilang lokal na pamahalaan. Dito nagsimula ang interes nya sa pag-aalaga ng hayop. Sinundan ito ng makatanggap din siya ng isang mataas na uri ng kalabaw mula sa programang paiwi ng Philippine Carabao Center nuong taong 2012. Sa pagkakataong ito, siya ay nag desisyon na lumipat sa pag-aalaga at paggagatas ng kalabaw mula sa pagtatanim ng gulay.

Nagpatuloy ang kanyang pag-aalaga hanggang noong 2015 ay nagsanay siya sa Philippine Carabao Center

upang maging dalubhasa sa larangan ng pag-aalaga ng kalabaw at pagpaparami nito. Sa ngayon umabot na sa 15 ang kanyang inaalagaang kalabaw kasama na dito ang mga puro at mataas na lahi. Mula sa halagang P73,000.00 na kinikita niya sa pagmimina ng buhangin kada taon, ngayon ay kumikita na siya ng humigit kumulang P15,000.00 kada araw. Aniya, "kumpara sa pagtatanim ng gulay mas maganda ang pag-gagatas dahil ito ay "in demand" at hindi bumababa ang presyo. "Sa ngayon, kaya ko ng suportahan ang pag-aaral ng aking mga anak at pangangailangan ng aking pamilya." mula sa pagtatanim ng gulay. "

Mga Gawain sa Bukid

Nagsisimula ang gawain ni Konsi sa bukid sa madaling araw dahil importante sa pag-aalaga ng mga kalabaw na maihanda ang mga kakainin na forage ng mga ito, kasabay na din ang paglilinis sa mga hayop bago ang naka takdang paggagatas sa mga ito. Buong umaga ang kanyang inilalaan sa iba pang gawain sa pag-aalaga ng mga kalabaw.

Sinisigurado niya na maibigay sa kanyang mga alaga ang kailangan na nutrisyon at malinis na tubig. Nagsasagawa din sya ng regular na deworming. Dagdag pa sa pagsisiguro ang angkop na pabahay sa mga hayop. Regular din siya nagbibigay ng karagdagan vitamins at minerals sa kanyang mga alaga kasama na ang magandang kalidad ng forage at commercial concentrates.

Sa gawain naman ng paggagatas, sinisiguro muna ni Konsi na maganda at maayos ang kondisyon ng hayop. Pinaliliguan niya ito ng malinis na tubig at nagsasagawa ng disinfection ng "udder" at "teats" ng hayop. Sa pamamahala naman ng mga nakolektang gatas, gumagamit siya ng mga pamamaraan upang masiguro ang mataas na kalidad ng gatas. Ito ay sa pamamagitan ng pagsala sa mga posibleng contaminants at

pagsasalang sa mga gatas sa iba't-ibang test kagaya ng "Organoleptic" at "APT test."

Pagkapahinga sa tanghalian, sisimulan naman niya ang pag seserbisyo bilang Artificial Insimination (AI) technician o yung taga sumpit ng semilya para sa mga kalabaw. Tatapusin niya ang araw sa pagtatala ng mga naging gawain sa buong maghapon.

Mga Suliranin

Hindi naging madali ang kanyang pagsisimula sa larangan ng paghahayupan. Dumaan din siya sa iba't ibang pagsubok, kagaya ng mga nakamamatay na sakit ng hayop, maging ang pabago-bago ng klima at mga natural na kalamidad. Sabi pa nga niya na kapag maraming pagsubok siyang nakakaharap, mas lalo niyang pinag-bubutihan ang pag-aalaga ng mga kalabaw.

Mga Pamamaraan

Upang mas lalo niyang mapaunlad ang kaniyang pag-aalaga, nakaisip siya ng mga pamamaraan na kaiba sa ginagawa ng iba. Para mas marami siyang makuhang gatas ay gumagamit siya ng milking machine, at kapag sa panahon naman ng tag-init, pinapakain niya ang kanyang mga alaga ng "silage", at lagi din siyang may tala ng kapanganakan at pagbubuntis ng kanyang mga

alaga. Binibigyan din niya ito ng mga sustansiyang kailangan kapag buntis ang kanyang alaga.

Bagong Kabanata

Dahil sa kanyang galing at sipag sa larangan ng paggagatas sa mga kalabaw kasama na ang mga serbisyo na naibibigay nya sa komunidad, hinirang si Konsi na maging Magsasaka Siyentista ng FITS Center ng Magdalena, Laguna noong 2016. Hindi nagtagal naging popular na rin siya sa mga karatig bayan. Madalas siyang imbitahin bilang tagapagsalita sa mga pagsasanay at naitampok na rin siya Pinas Sarap na isang programa sa telebisyon upang ilahad ang kanyang karanasan sa "animal handling" at "milk collection." Taong 2018 hinirang siyang Natatanging Magsasaka Siyentista.

Sikreto sa tagumpay

"Sa tingin ko ang sikreto ko sa pag-aalaga ay mas lalo akong nag-pupursige na mas madagdagan ang aking kaalaman. At kasama ko ang aking pamilya sa pag-aalaga. Kelangan din na maging bukas ang iyong isipan sa mga makabagong pamamaraan. Siguro limang taon mula ngayon marahil magiging tagumpay ang industriya ng paggagatas sa aming bayan at pati na rin sa ating bansa," pagtatapos ni Konsi.



Pagproseso ng sariwang ani, iwas pagkabulok na, dagdag kita pa: Isang kwento ng tagumpay ni Tita Melith

Janine L. Cailo

Mula sa mga sariwang ani tulad ng amplya o di kaya ay ubod ng kawayan, ay kayang gawin atsara ni Ginang Melita D. Severa. Mas kilala sa tawag na Tita Melith, isang Magsasaka Siyentista sa bayan ng Gumaca, Quezon. Kilala siya sa paggawa ng mga produkto tulad ng atsarang papaya, ampalaya, ubod ng kawayan, at kabute. Sikat rin ang kanyang coco jam at sariling gawang tomato ketchup.

Bilang Isang Makabagong Magsasaka

Hindi na bago kay Tita Melith ang pagsasaka. Bata pa lamang siya ay sinasama na siya ng kanyang magulang sa kanilang bukirin. Dahil nag-iisang anak siya, nais ng kaniyang magulang na maging isang rin siyang magsasaka upang mamahala ng kanilang lupa.



“Dati ayaw ko talaga mag-farming” ani ni Tita Melith. “Bukod sa nakakapagod at malayo ang aming binubukid, ayaw ko yung nagtanim ng kamote, ng palay pati na rin yung huni ng ibon,” aniya. “Pero dahil sa utos ng magulang, syempre hindi naman tayo makakaayaw,” dagdag niya.

Bilang isang magsasaka at magsasaka rin ang kaniyang napangasawa, unti-unti ng sumibol ang interes at pagmamahal niya sa pagsasaka. “Wala na akong choice kundi yakapin ang pagsasaka,” aniya.



Bukod sa pagsasaka, nagkaroon din ng iba't ibang negosyo ang kaniyang pamilya upang masuportahan ang pag-aaral ng apat nilang anak. At sa kanilang pagtitiyaga at pagsisikap, lahat ng mga ito ay nakatapos sa kolehiyo.

Taong 2006 ng mayapa ang kaniyang asawa. “Naramdaman ko ang pangungulila, may kanya kanya ng pamilya ang aking tatlong anak, kaya naisipan kong mag-utay-utay ng maliit na sakahan,” aniya. Binuno ni Tita Melith ang kaniyang oras at panahon sa kanilang sinasaka sa Brgy. Gitnang Barrio sa Gumaca, Quezon. Sa tulong ng kaniyang anak na lalake, sinumulan niyang taniman ang 1.8 ektarya na sakahan ng mga gulay at prutas. Nag-alaga rin din siya ng baboy at manok.

“Dating saw mill ang lugar na ito,” aniya. “Kung saan ang saw mill na ito ay maraming naiipon na waste tulad ng kusot,” dagdag pa niya. Nagkaroon ng interes si Tita Melith sa produksyon ng kabute upang magamit ang mga kusot sa kanilang lugar.

Dalawang taon ang ginugol ni Tita Melith upang kaniyang makuha ng maayos ang tamang pagpapatubo ng kabute. Naging isang hamon naman sa kanya ang pagbebenta nito, kaya naisipan niyang iproseso ito tulad ng atsara, tsitsaron, sizzling sisig, shanghai mushroom, at iba pa. Sa katunayan, ang atsarang kabute niya ay naging “Best Product” nuong ito ay sumali sa Agri Fair ng Department of Agrarian Reform (DAR) na ginanap sa Quezon City nuong 2010.

Sa tulong ng kanyang kaalaman sa pagproseso, ang mga ani niya tulad ng papaya, ampalaya, ubod ng kawayan, at kabute ay ginagawa niyang atsara. “Napatunayan ko na mas malaki ang kikitain ko kung ito ay ipa-process ko bukod sa ito’y hindi madaling mabulok,” ani ni Tita Melith.

Bukod pa rito, ang mga prutas tulad ng pinya, mangga, santol, at blueberry ay kaniyang ginagawang jam. Patok din ang kaniyang sariling gawang tablea at chocolates. Madalas gawing pasalubong ang kaniyang coco jam at banana muffins dagdag pa niya.

Kabalikat ni Tita Melith ang Gumaca Negosyo Center upang ang kaniyang mga produkto ay maibenta. Aktibo rin siyang sumali sa ibat ibang “fairs at exhibits.”

Bilang Isang Natatanging Magsasaka

“Ang Pambayan Agrikultur ang nagsimulang magmulat sa akin na dapat ay sumunod tayo sa makabagong teknolohiya para yung mga tradisyunal na kaalaman ay madagdagan,” ani ni Tita Melith.

Dahil sa kaniyang dedikasyong maitaas ang kalidad ng kaniyang pagsasaka, kaniyang inaapply sa kanyang bukirin ang natural na pagsasaka at Good Agricultural Practices (GAP). Aktibo rin siya sa kanilang kumunidad partikular sa mga Agriculture at Fishery organizations, kung saan siya ay may mga hinahawakang posisyon.



Kilala bilang isang namumukod tanging magsasaka sa kanyang komunidad, nakuha niya ang titulo bilang Magsasaka Siyentista ng Farmers Information and Technology Services (FITS) Center ng Gumaca, Quezon.

Tapat sa kanyang misyon bilang isang Magsasaka Siyentista, patuloy na pinapalawak ni Tita Melith ang kanyang kaalaman, lalo na sa organic farming. Siya ay isang sertipikadong holder ng TESDA Organic Agriculture Production NC II. Dagdag pa rito, ang kanyang sakahan ay isang accredited ATI IV-A Learning Site (LS) para sa High Value Crops (HVC) kung saan ang kanyang bukirin ay nagsisilbing lugar para sa mga pagsasanay, praktikum para sa K-12, field trip, at sila rin ay tumatanggap ng On-the-Job Trainees (OJT).

Sa katunayan siya ay nagbabahagi ng kanyang kaalaman lalo na sa mga nagnanais matuto sa pagsasaka higit sa lahat ang mga kabataan tulad kanyang tinuturuan sa bayan ng Lopez, Quezon. Sa kabila ng kanyang edad, aktibo siya bilang kalahok sa pagsasanay mula sa Agricultural Training Institute at iba pang mga tanggapan at ahensya ng DA.

Sa higit sa isang dekada ng pagiging full time farmer, nakatanggap si Tita Melith ng iba’t ibang mga parangal at pagkilala bilang huwaran sa kanyang larangan. Kinilala siya bilang isa sa “Natatanging Anak ng Gumaca” at dalawang beses na nominado para sa “Natatanging Magsasaka Siyentista” para sa kanyang mga kontribusyon sa Techno Gabay Program (TGP) ng ATI.

Ayon sa kanya, malaking tulong ang pagsasaka hindi lang upang maging libangan kundi na rin sa kanyang kabuhayan. Si Tita Melith ay hindi kailanman mapapagod sa pagbibigay inspirasyon sa mas maraming magsasaka upang mapahusay ang kanilang mga kasanayan at patuloy na maghubog ng mga bagong magsasaka.



Quezon Coconut Research Center, sinimulan na

Hannah Phoebe Romero, FITS OPA Quezon

Pinangunahan ni Sen. Cynthia Villar at Sec. Christopher Lawrence "Bong" Go, kasama sina Gov. David C. Suarez, Congw. Anna V. Suarez at Pres. Nilo Placino ng SLSU ang Groundbreaking and Unveiling Ceremony ng kauna-unahang Quezon Coconut Research Center sa buong rehiyon at ng SLSU Campus na itatayo sa bayan ng Catanauan, ika-27 ng Setyembre, 2018.



Kasabay nito ay ang Ceremonial Planting ng Improved Coconut Varieties, at pamamahagi ng mga kagamitang pang-agrikultura na handog ng Pamahalaang Panlalawigan, Kagawaran ng Agrikultura at Alona Partylist.

Nagsilbing inspirasyon naman sina Mayor Fernando Mesa ng Alabat, Quezon at G. Francisco Rubio ng Green Life Corp. sa ibinahaging kwento ukol sa mga benepisyo at pagbabagong naihatid ng coco sap sugar at virgin coconut oil sa mga magsasaka at kalapit na bayan.


Pagsusukat ng palay sakahan gamit ang GPS, isinagawa

Izy S. San Jose, FITS Teresa, Rizal

Isinagawa ang pagsusukat ng palay sakahan gamit ang Global Positioning System (GPS), sa Brgy. Prinza, Teresa, Rizal, ika - 9 at 10 ng Oktubre 2018.

Sa dalawang araw na pagsusukat, limampu't apat (54) na palay sakahan ng dalawampu't walong (28) magsasaka na may kabuuang 25.4809 ektarya ang nasukat ng mga tauhan ng Municipal Agriculturist Office at ng Department of Agriculture-Southern Tagalog Intergrated Agricultural Research Center (DA-STIARC).

Layunin nito na makuha ang aktwal at tamang sukat ng palayan gamit ang makabagong pamamaraan upang makatulong sa pagkamit ng layunin ng Rice Crop Manager (RCM) at GPS na "Tamang Sukat para sa Tamang Abono para sa pagtaas ng kita at ani ng mga Magsasakang Pilipino."



Unang regional climate change conference sa agrikultura at pangisdaan, isinagawa

Maridelle G. Jaurigue

Katuwang ang International Institute for Rural Reconstruction (IIRR), pinamunuan ng Agricultural Training Institute (ATI) CALABARZON ang pagsasagawa ng kauna-unahang Regional Conference sa Climate Change para sa agrikultura at pangisdaan sa rehiyon IVA.

May temang, "Transforming Climate Risks to Agriculture and Fishery Opportunities in CaLaBaRZon: An Extension Strategy towards Regional Climate Change Resiliency," layunin ng kumperensya na bigyang-diin ang mahalagang gampanin ng lokal na serbisyong extension sa pag-aangkop at mitigasyon ng epekto ng nagbabagong klima sa sektor ng agrikultura.

Humigit-kumulang sa 200 na katao ang dumalo mula sa mga lokal na pamahalaan, pribadong sektor, State Universities and Colleges (SUCs) at ibang sangay ng pamahalaan.

Tumuong ang mga talakayan sa kasalukuyang mga inisyatibo ng iba't-ibang sektor upang itaguyod ang community resilience sa mga lokalidad.

Pinangunahan ng mga tekniko mula sa IIRR ang ilang mga sesyon sa mga sumusunod na paksa: 1) IIRR: Social Learning Process to Facilitate Community Adaptations; 2) IIRR: Leveraging the Nutrition Contributions to Agriculture; 3) The Role of Small Holder Farms in Climate Change adaptation; at 4) Adaptation planning process for Agricultural sector.

Tampok din sa kumperensya ang exhibitors na nagpakilala ng kanilang mga organisasyon at produkto. Ilan sa mga ito ay ang PhilRice-Los Baños, DELFA'S CAFFMACO, Gentri Dairy Milk, Café Amadeo, IIRR at ilang eskuwelahan buhat sa Department of Education (DepEd) Imus.

Nagtapos ito sa isang commitment signing, tungo sa patuloy na pagsusulong ng inisyatibo patungkol sa climate resilience building, lalo na sa mga komunidad na ikinabubuhay ang pangangisda at pagtatanim.

Ang kumperensya ay ginanap noong ika- 28 hanggang 29 ng Nobyembre 2018 sa The James Yen Center, IIRR, Silang, Cavite.



Mga bagong pasilidad ng ATI IV-A, pinasinayahan

Janine L. Cailo

Isang magandang regalo ang natanggap ng Agricultural Training Institute (ATI) Region IV-A bago matapos ang taong 2018. Kamakailan lamang ay pinasinayahan ang iba't ibang pasilidad ng ahensya. Pinangunahan ito ng ATI Region IV-A Center Director Ms. Marites Piamonte-Cosico kasama sina Atty. Reggie Tamaña, Chief of Staff of ni Senator Cynthia A. Villar, at Agriculture Program Coordinating Officer (APCO) ng Region IV-A Ms. Eda Dimapilis.

Sa kasalukuyan ay may isang training hall at dormitory na ang ahensya, dagdag pa rito ang 4H hub at tatlong sasakyan.

Pinahayag ni Dir. Cosico ang kanyang pasasalamat sa mga Agricultural Extension Workers (AEWs) at magsasaka at higit sa lahat ang mga naging kaagapay ng ahensya upang mapabuti ang pasilidad. "Lubos po ang aming pasasalamat sa lahat ng naging kabalikat namin para ito'y makamit. Naipakita kasi nating nararapat lamang po na bigyan ng pansin ang pagsasaayos at pangangailangan ng mga pasilidad upang mas matulungan pa natin ang pagpapaunlad ng sektor ng agrikultura."

Ibinahagi rin ni Dir. Cosico sa kanyang mensahe ang pagpasa ng ahensya sa third party ISO audit na ginanap noong ika-11 ng Disyembre 2018.

Ang pagpapasinaya ay ginanap noong ika-19 ng Disyembre 2018 sa ATI RTC IV-A Compound, Brgy.Lapidario, Trece Martires City.



24 na AEWs at mga Lider na Magsasaka, nagsipagtapos sa Season-Long Training of Trainers on Integrated Crop Management for Corn

Janine L. Cailo

Dalawampu't-apat (24) na Agricultural Extension Workers (AEWs) at Farmer Leaders ang sumailalim sa Season-Long ToT on Integrated Crop Management (ICM) for Corn na isinagawa mula ika-18 ng Hunyo hanggang ika-25 ng Oktubre 25 2018.

Ayon kay Mr. Daynon Kristoff Imperial, Project Officer, layunin ng Agricultural Training Institute Region IV-A sa ilalim ng programa ng Corn, na luminang ng mga tagapagsanay sa pagpapalaganap ng tama at makabagong kaalaman at teknolohiya sa pagtatanim ng mais.

Upang makamit ang layunin, ang mga kalahok ay sumailalim sa dalawang yugto ng pagsasanay. Sa unang bahagi, sumailalim ang mga kalahok sa masinsinang 10 araw kung saan binigyan diin ang konsepto ng ICM at Integrated Pest Management (IPM). Hinasa rin ang mga kalahok sa iba't ibang paksa sa pagtatanim ng mais tulad ng paghahanda ng lupa at pagsasagawa ng Soil Sampling, Soil Analysis, pH Analysis at Fertilizer Computation.

Sa pangalawang yugto, ang mga kalahok ay sumailalim sa 16 na linggo ng pagsasanay kung saan ito ay nakatuon sa pagsasagawa ng Agro-Ecosystem Analysis o AESA at Farmer's Field School o FFS.



Sa pagtatapos ng programa, isang hamon ang iniwan ni ATI RTC IV-A Center Director Ms. Marites Piamonte-Cosico, "Sa loob ng sunud-sunod na limang taon, ang ATI CaLaBaRZon ay mayroon ng 142 na nakatapos ng Season-Long bukod pa ang mga farmers na nagtapos naman sa FFS. Ang kontribusyon ng mga bawat isa ang magpapabalik sa mais bilang isa sa pangunahing commodity sa rehiyon CaLaBaRZon".

Binigyaan diin naman ng dating ATI OIC Director Dr. Luz A. Taposok ang pagpapalaganap ng importansya ng mais bilang pangalawang commodity ng bansa at mainam na alternatibong pamalit o panghalo sa bigas upang matugunan ang layunin ng pamahalaan na maisulong ang sustenable at seguridad ng pagkain sa bansa.

Sa pagtatapos ng mga kalahok sa ToT, magsasagawa naman sila ng Farmer's Field School o FFS sa kanilang bayan na kinakasakupan. Ginanap ang pagtatapos sa Splash Mountain Resort and Hotel, Los Baños, Laguna noong ika-25 ng Oktubre 2018.

Mag-aaral mula sa Southern Luzon State University, kampeon bilang ikatlong kabataang 'Organic Agriculture'

Jamila Monette B. Balmeo

Hinirang na kampeon si G. Raffy Reydado ng Southern Luzon State University (SLSU) bilang Ikatlong Kabataang Organic Agriculture (OA) - college category. Nakamit ng SLSU ang kampeonato sa tatlong magkakasunod na taon. Simula 2016, ang Kabataang OA ay taunang kumpetisyon ng pagsusulit na bukas sa mga kolehiyong mag-aaral na kumukuha ng agrikultura at iba pang kursong may kinalaman sa agrikultura.

May kabuuang animnapu't walong mag-aaral mula sa Cavite State University (CvSU), Laguna State Polytechnic University – Siniloan, University of the Philippines – Los Baños, Batangas State University, Polytechnic University of the Philippines – Mulanay, Philippine Normal University – Lopez at SLSU ang lumahok sa nasabing patimpalak. "Sa inyong mga kabataan na kasali sa patimpalak na ito, hindi pagkapanalo ang mahalaga kundi kung paano ka lumaban at muling tumayo para panindigan ang inyong sarili," paalala ni Ms. Marites P. Cosico, Center Director ng Agricultural Training Institute (ATI) CaLaBaRZon. Ang quiz bee na ito ay hinati sa tatlong bahagi - elimination, semi-final at final round. Naglaban-laban ang lahat ng kalahok sa pamamagitan ng pagsagot ng mga tanong (written) sa elimination round. Apatnapung (40) kalahok na nakakuha ng pinakamataas na puntos ang kasali sa semi-final round. Mula naman sa semi-final round, lima (5) na lamang ang natira para magpatuloy sa final round. Bawat finalist ay binigyan ng 10 minuto para isagawa ang pamamaraan ng paghahanda ng Oriental Herbal Nutrient. Sa dulo ng kumpetisyon, ang isang estudyante mula sa SLSU na si G. Raffy Reydado ang nagkampeon bilang Kabataang OA. Sina G. Philip M. Reyes, OA Expert, Ms. Frene C. Dela Cruz, Alternate Focal Person for OA ng Office of the Provincial Agriculturist – Laguna at Ms. Lucia A. Campomanes ang nagsilbing mga hurado.

Ang top five (5) finalists ng 3rd Kabataang OA ay sina:

Champion: Raffy Reydado - SLSU
 2nd place: Jeane Mariel Andaya - SLSU
 3rd place: Christian Benedick Anglo - CvSU
 4th place: Portia Paula Verano - SLSU
 5th place: Blessie Mykah Panganiban – CvSU

Ang limang (5) nagwagi ay nakatanggap ng pera, sertipiko, medalya at perpetual trophy (para sa kampeon) mula sa ATI CaLaBaRZon.

Ang Search for 3rd Kabataang OA ay ginanap sa SLSU, Brgy. Ayuti, Lucban, Quezon noong ika – 9 ng Nobyembre 2018. Kasabay nito ay ipinagdiriwang sa buwan ng Nobyembre ang 4th OA Month and National Rice Awareness Month 2018.



Happy New Year!



Agricultural Training Institute Region IV-A

Brgy. Lapidario, Trece Martires City, Cavite

Organizational Chart

OFFICE OF THE CENTER DIRECTOR

Marites Piamonte-Cosico
Training Center Superintendent II / Center Director


Mariel Celeste C. Dayanghirang
Training Center Superintendent I / Assistant Center Director



Excellent Extension Services Beyond Boundaries

Enero - Disyembre 2018

ACCOMPLISHMENT (Extension Activities)



Total Extension Activities: **266**
Total Participants: **8,785**